# LOVE CHILD

## SYNOPSIS

Isinasalaysay ng may-akda ang kaniyang mga pinagdaanan bilang anak sa labas, ang pagkakatisod niya sa kaniyang ama, at ang kanilang samahan lalo na pagkatapos makumpirma ng isang DNA test ang kanilang ugnayan. Sa lente ng pagiging "illegitimate child" ay tinitingnan ng manunulat ang kanyang sarili bilang indibiduwal at magulang.

Putok sa buho. Bastardo. Anak sa labas. Love child. Illegitimate.

Bago ko pa man lubusang maintindihan ang mga salitang ito, ayaw na ayaw ko na silang naririnig sa mga palabas sa TV o sine. Ang talim ng tunog. Tuwing naririnig ay ramdam ko ang pamumula ng aking pisngi at pag-iinit ng mga tenga. Bulgar. Mas bastos pa kaysa mga mura. Hindi pambata.

Kinder pa lang, kinakabahan na ako tuwing may ganap sa paaralan namin kung saan kailangang papuntahin ang mga magulang. Naninikip ang dibdib ko o sumasakit ang tiyan kapag kailangang sumagot ng mga form kung saan kailangan isulat ang pangalan ng ama. Ang bilin sa akin ni Mommy ay NA ang ilagay ko.

“Anong NA?” tanong ko.

“Basta. Alam na nila iyon,” sagot niya.

Apelyido ni Mommy ang gamit ko. Maliban kasi sa buong pangalan ng tatay ko, wala na akong alam tungkol sa kaniya. Hindi ko alam ang itsura niya, kung nasaan siya, kung buhay ba siya o patay.

Bilin pa ni Mommy, kapag may nagtanong sa akin kung bakit hindi nagpupunta ang tatay ko sa mga program sa paaralan, sabihin ko raw na patay na ito: nag-crash ang eroplano papuntang Canada, kung

saan na sana sya maninirahan para kunin kaming mag-ina. Pero wala akong alaala na nagluksa kami o may pinuntahang lamay o libing.

Kaya tuloy tuwing may medalyang isasabit, ang naroon palagi ay ina, lola, o tiyuhin ko.

Nang magtapos ako ng kindergarten, may iba nang ipinapatawag sa aking "Daddy" – si Rudy, isang matangkad na mestisong bartender sa Malate, na bata kay Mommy ng ilang taon. Pero hindi ko maatim na tawagin siyang "Daddy" kaya hindi ko na lang siya tinatawag. Ang pagdating rin ni Rudy ang hudyat ng bago kong buhay – o bago *nilang* buhay, dahil nang magkaalaman nang buntis si Mommy, bumukod na sila ng apartment samantalang naiwan ako sa lola ko. Hindi nga ako tinanong kung gusto ko bang sumama sa kanila. Sasama naman sana ako.

Pakiramdam ko, ganap na akong naging ulila. NA na rin ba ang isusulat ko sa mother's name gayong gamit na niya ang apelyido ni Rudy?

Kunsabagay, masaya rin naman sa poder ni Lola. Kasama namin ang tiyuhin kong si Papa Edwin na bunsong kapatid ni Mommy. Tatlo lang kami pero laging maraming tao sa bahay namin. Marami kasing kaibigan si Papa Edwin, iba't ibang mukha: may mga ginang na humihingi ng payo sa buhay may-asawa, mga baklang parlor na eskandaloso kung tumawa, mga binatilyo at dalagitang kapitbahay na naglayas.

Wala kaming kasambahay dahil maliit lang ang kita ni Lola sa pabrika at walang trabaho si Papa Edwin, pero simple lang kaming mamuhay, kasya na sa pritong isda at gulay sa araw-araw, at sa

minsanang adobo kung Linggo o may okasyon. Nakakatapak lang ako sa supermarket kapag bago mag-birthday, piyesta o pasko.

Malaking bagay na palagi akong first honor, na ang ibig sabihin ay libre ang tuition ko sa susunod na taon. Tanging gastos lang ang mga libro, araw-araw na baon, at school service.
"Huwag ka nang tumulong sa gawaing bahay," sabi ni Lola. "Basta't mag-aral ka lang nang mabuti. Ikaw ang magiging kauna-unahang college graduate sa pamilya."

"Opo," sagot ko.

Sinunod ko naman siya at tunay akong nagsipag. Pagtungtong sa high school, nagkaroon din ako ng mga kaibigan kaya't di rin naman ako nabaon sa mga libro. Naging aktibo pa nga ako sa pahayagan. Unti-unting luminaw ang karerang gusto kong tahakin. Kung hindi ako kilala ng titingin sa akin, masasabing masaya na rin at walang gaanong problema sa aking pagdadalaga.

Hindi nila alam na hindi naman nawala ang pakiramdam ng pagiging hindi sapat: ang nakatagong hiya sa kawalan ng isang tatay, ang nakakubling lungkot sa pag-iwan ng isang nanay. May kinikimkim akong pagnanais na laging maging magaling, dahil kung hindi, ano na ang aking halaga?

Tuluyang nawala si Mommy bago pa ako nagtapos ako nang high school. Kinuha siya ng cancer sa edad na 36. Valedictorian pa naman ako, at napaiyak ko pa nga ang ilang magulang noong nagtalumpati ako. Wala na akong maalala sa speech, pero naaalala kong inggit na inggit ako sa salutatorian naming nakapagitna sa nakabarong niyang amang abogado at naka pantsuit na inang dentista.

Ako, as usual, walang magulang. Sina Lola at Papa Edwin ang nagsabit ng mga medalya ko. Tuwing aakyat ako ng entablado, naiisip ko: ano kaya ang sasabihin ng ama ko kung malaman nyang halos makuba ako sa dami ng medalyang isinabit sa akin? Umalingawngaw sana ang kalansing nitong mga gintong pamato, at marinig niya kung nasaan man siya.

Siguro, en-grande ang selebrasyon ng salutatorian sa kung saang restaurant o hotel. Alin kaya sa mga kotse nila ang napili nilang gamitin para sa okasyon? Kami, nagsaing bago umalis at bumili ng dalawang manok sa Andok's sa biyahe pauwi. Humiram lang ng kami ng Tamaraw sa kapitbahay. Pa-gasan na lang daw namin at pakainin ang nagmanehong pamangkin ng may-ari.

Pero kahit madali akong mainggit sa mga mukhang perpekto ang buhay, hindi ako nag-ambisyong makilala agad ang tatay ko. Naalala ko kasi ang banta ni Mommy.

"Huwag na huwag mong hahanapin iyon hanggang hindi ka natatapos ng pag-aaral at kumikita ng sarili mo," sabi niya. "Baka sabihin nila, pineperahan mo lang sila."

"Opo," sagot ko.

Ang dami ko na rin namang pagkakaaabalahan. Kung anong taon kasi ako nagtapos ng high school at nag-umpisa sa kolehiyo, iyon rin ang taon na nabuntis ako. Bulag sa walang-muwang na pag-ibig, naisip kong ito na ang pagkakataon na magkaroon ng normal na pamilya. Ang magiging anak ko ay may tatay na hindi nawawala at may nanay na malusog na hindi mang-iiwan sa kaniya. Sinabi rin sa akin ng aking mga bibiyenanin na bibigyan nila ako ng pamilyang naipagkait sa akin.

Sa wakas, hindi na raw ako kaawa-awa. Magiging buo na raw ako.

**Blind date**

Akala ko, magiging mahirap ang paghahanap sa tatay ko. Nakini-kinita ko, maglalakad ako nang malayo, maliligaw, mauulanan, maaarawan, magtatanong-tanong, pagpapasa-pasahan, pagdududahan, pagtatawanan.

Pero hindi ko pala kinailangang lumayo. Natisod ko lang siya.

Huling semestre ko sa kolehiyo. Irregular ang standing ko simula ng mag-leave of absence dahil sa pagbubuntis. Pero may naiwan pa akong isang natural science class at ang natitirang section na swak sa schedule ko ay iyong kasama ng mga nasa unang taon pa lang. Nakukulitan ako at naiingayan sa mga kaklase ko, kaya umpisa pa lang ay hiniling ko sa guro namin na magsolo na lang ako sa report. Bilang dagdag trabaho, tutulungan ko siya sa anumang kailangan niya para sa klase. Pumayag siya at inatasan akong mag-record ng mga grado sa quiz.

Sa listahan ay nakita ko ang pangalan ng kaklase kong kapareho ng apelyido ng diumanong tatay ko. Bumilis ang pulso ko. Baka kilala niya. Hindi naman pangkaraniwan ang apelyido nila katulad ng Reyes o Santos. Magtatanong ako. “Baka kamag-anak mo si Mr. D?”

Dahil absent na naman noong sumunod na klase, kinuha ko ang numero sa bahay nila mula sa kaibigan niya. Hindi pa laganap ang cell phone noon, kahit sa Ateneo. Mga sikat nga lang ang may beeper. Tumawag ako kinagabihan.

Oras ng hapunan sa bahay nila; dinig ko ang kalansing ng kubyertos sa mga pinggan. Binasa ko ang script na inihanda ko.

“I was wondering whether you have a relative named *** D*****? I’m helping my father track down an old friend,” pagsisinungaling ko.

“Yeah that’s my dad, do you want to ask him now? He’s right here beside me,” sagot ng kamag-aral kong parang ngumunguya pa.

Halos mabitawan ko ang telepono. Hindi ko napaghandaan. P**a, wala akong script para dito.

Halos mautal ako sa kapapaliwanag kay Mr. D kung ano ang pakay ko sa kanya.

“Yes, what can I do for you?” tanong ng mamang malumanay ang boses sa kabilang linya. Ayun pala ang tinig niya!

“The year was ..... 1975. I was born in ..... 1976 .... do you remember?”

Narito na ito, naisip ko. Kailan pa ba mauulit ang ganitong pagkakataon? Pagsisisihan ko kung hindi ko itatanong. “My mother’s name was Liza....I’m not sure what you called her, either Liza or Elizabeth...

she was a young woman in 1975....you know, my mother told me my father's name but I have never met him...I hope you understand what I am saying...."

Wala siyang sinabing kahit ano kaya akala ko naputol ang linya. Pero tuloy ang pagkalahig ng mga kutsara at tinidor sa pinggan.

"Hello? Hello, Sir? Hello, can you hear me?"

Saka parang naging ibang tao ang kausap ko. Lumakas ang boses niya.

"Thanks for your interest. Yes, you may interview me. Call my office tomorrow, I'll be there before 9 in the morning. I'm having dinner with my family so I can't talk now. Just tell my secretary that I am expecting your call. Goodbye!" Ibinigay nya ang numero sa kaniyang opisina sa Makati.

Naintindihan niya kung bakit ako tumawag. Mag-uusap kami bukas!

May klase ako nang alas nuwebe kinabukasan, Valentine's Day. Bago mag first bell ng 8:50, pumunta ako sa chapel sa Gonzaga Hall, bumulong ng maikling dalangin, at saka pumunta sa abuhing parihabang pay phone malapit sa cafeteria at sa coño bench. Tinawagan ko ang numerong ibinigay sa akin at si Mr. D agad ang sumagot sa pangalawang ring pa lang – baka ikako hindi pa dumarating ang sekretarya niya.

Wala nang pagtatanong o agam-agam sa kanyang tinig. Paano ko naisip na tawagan sila sa bahay, tanong niya. May sinabi raw ba ako sa anak niya kung sino ako at bakit ko siya ipinagtatanong? Oo, naalala niya ang ina ko, pero isa o dalawang beses lang silang lumabas.

"Alam niyo bang may ako?" tanong ko.

"She might have mentioned it, but I wasn't sure I believed her," sagot niya.

"Alam niyo bang wala na siya? Halos limang taon na," muli kong subok.

"I think I heard about it," sagot niya. Sino kaya ang nagsabi sa kanya?

Gusto ko sana sundan pa ng isang tanong: "E bakit hindi ninyo ako hinanap? Hindi ba kayo nagtaka kung paano na ako kumakain o nag-aaral kung wala na akong nanay?" Pero ayaw kong maging mapanumbat. Hindi ko gustong lumikha ng masamang first impression.

Tumunog na ang second bell. Huli na ako sa klase.

"What time do your classes end today?"

"2:30 po."

"Do you know Cravings near McDo, across your school?"

“Opo.”

“Sige, why don’t we meet there at 3 o’clock?”

“Sige po.”

Sa paligid ko, maingay ang mga kaeskwela kong naghahabol sa bell o nagpapapansin dahil Valentine’s Day. Nakakita ako ng isang lalaking may bitbit na bouquet ng rosas. Magkano kaya ang mga bulaklak, naisip ko. Magkano kaya ang allowance niya para makabili ng ganoon kagandang handog sa nililigawan?

Basta ako, kahit maliit ang baon ko, may tatay ako. May boses siya! At makikita ko siya mamaya! Dali-dali akong umakyat ng hagdan papasok sa klase. Pakiramdam ko ay hindi sumasayad ang mga paa ko sa lupa.

Hindi ako nahirapang hanapin si Mr. D sa Cravings. Kaunti ang tao kahit Valentine’s Day – siguro, alanganing oras pa kasi. Siya lang naman ang nakabarong na puti at may Filofax na itim na nakapatong sa gilid ng mesa. Mukhang siyang seryoso at kagalang-galang.

Umupo ako sa tabi niya sabay abot ng bagong ring-bind kong thesis – isang creative writing folio na may pamagat na Suns and Dragonflies. Nakaipit dito ang isang graduation picture: sa susunod na buwan na kasi ang graduation ko.

“Are you giving this to me?” tanong niya.

“If you want it po.”

“You look a lot like my sister!” bulalas niya, hawak-hawak ang black-and-white na larawan kung saan ginastusan ni Lola ang pagpapa-hair and make up ko. Pero mahal kasi ang colored picture kaya sabi ni Papa Edwin, black and white lang ang kaya naming bilhin.

Akala ko, ang unang pagkikita naming mag-ama ay walang katapusang kuwentuhan – paano pagkakasyahin ang 21 taon na kuwento sa sandaling panahon? Pero hindi ganoon ang nangyari. Sa higit isang oras na usapan namin sa Cravings, parang naging question and answer portion lang kung saan nagtanong siya tungkol sa kursong kinukuha ko. Maraming sandali ng katahimikan na hindi namin alam ang susunod na sasambitin. Minsan, sabay kaming nagsasalita. Nagulat siya nang malamang maaga ako nag-asawa at gagraduate na may dalawang anak na. Ikinuwento niyang general manager sya sa isang kompanya sa Makati. Nag-alala akong baka sa sobra kong tahimik, isipin niyang bobo, boring, o baduy ako.

Wala siyang kaalam-alam tungkol sa akin, pero alam niyang sa Valenzuela ako nakatira.

Hinatid niya pa nga ako – sa sakayan ng bus sa kanto ng Quezon Avenue at EDSA. Noon lang ako nakasakay sa Honda Accord. Ang bango ng kotse, amoy malinis, amoy mayaman. Classical music ang awtomatikong tumugtog. Wala naman kaming napag-usapang magkikita kaming muli. Basta mag-ingat raw ako at masaya raw syang nagkakilala na kami.

Wala akong pinagsabihan agad ng munti kong sikreto. Ninamnam ko muna ito, at tuwing umaga sa paggising ko, kapag naaalala ko, nakangiti na ako bago pa man bumangon.

**Tagapagligtas**

Isa sa mga una kong trabaho ay bilang researcher at writer sa isang stockbroker sa Philippine Stock Exchange. Sinusuri ng mga kasamahan ko ang financial statements ng mga kompanya, pagkatapos ay isusulat ko sa wikang simple at naiintindihan kung bakit magandang bilhin o ibenta ang stock na ito. Maganda at bago ang opisina namin sa Ayala Avenue. Buong gusali, ang ganda.

Isang araw, pabalik na ako mula sa lunch break nang nakita kong muli si Mr. D – sa elevator, nakabarong na naman. Mukhang kagalang-galang na naman. Medyo nagkatitigan na kami pero hindi niya ako binati, marahil dahil nag-uusap sila ng mga kasama niyang mga mukhang executive rin. O baka hindi siya siguradong ako iyon at takot siyang mapahiya. O baka ayaw niyang may makakita na may kausap siyang batang staff.

Hindi ako nakatiis. “Mr D, good afternoon.”

Gulat marahil siyang nangahas akong batiin siya at banggitin ang kaniyang ngalan. Inabutan nya ako ng calling card. Lumipat na pala siya ng kompanya.

“Call me,” sabi niya. “Office hours.”

Sa mga sumunod na taon, makailang beses ko nga siyang tinawagan sa landline na nakasaad sa kanyang tarheta, at sa kanyang mobile number noong naging mas laganap na ang mga cell phone. Kadalasan, ang mga pagtawag na ito ay mga paghingi ng saklolo. Masalimuot ang buhay may-asawa, at laging kapos sa pera para sa mga pangangailangan. Nagbigay siya ng pambayad sa ospital noong isilang ko si bunso. Nagtetext ako sa kanya kapag enrollment ng mga bata. At noong nagsolo na ako bitbit ang apat kong anak, binigyan niya ako ng pambili ng TV. Wala pang GCash o bank transfer noon, kaya't sa bawat pagdulog ko kay Mr. D., nagkikita kami sa isang restaurant na pili niya.

Sana hindi ganito, dahil baka magalit ang nanay ko sa akin kung nabubuhay pa siya. Hindi nga ba't sinabihan akong huwag hihingi ng kahit ano galing sa lalaking ito? Baka nga kapag nakikita ni Mr. D na may text galing sa akin, nangangamusta, iisipin nyang hindi naman ako talaga nangangamusta kung hindi may kailangan na naman. Pero palagi naman niyang sinasabing handa siyang tumulong.

"It's the least I can do," sabi niya.

May galak na bunga ang masabing mayroon akong ama, na sa mahabang panahon ay di ko nakilala. Nararanasan ko na ang mga tagpong sa iba ay ordinaryo at normal: Papakainin sa mamahaling restaurant, kukuwentuhan ng mga plano sa buhay at mga ganap sa trabaho, bibigyan ng payo at mungkahi sa aking mga naisulat, kukumustahin ang aking mga anak. Tatanungin kung ano pa ang aking kailangan. Natuwa rin akong unti-unti siyang nagpapakilala at kinukuwentuhan ako ng mga piraso ng kanyang buhay. Valedictorian din pala siya sa kanyang bayan sa probinsya. Hirap din siyang makihalubilo sa mga tao noong magkolehiyo at bagong salta sa Maynila. Umiiyak raw siya gabi-gabi dahil gusto na niyang umuwi.

Minsan ay naitanong ko: Paano kung may makakita sa amin habang kumakain sa labas? Paano kung pagdudahan kami o isumbong sa lehitimo niyang pamilya? Dito, may handa siyang sagot – peryodista akong naghahanap ng istorya, at iniinterview ko siya. O, kukunin nya akong editor para sa isang proyekto niyang libro.

Isang araw, pagdating ko sa aming takdang kakainan, seryoso si Mr. D.

“I hope you won’t take this the wrong way,” sabi niya. “I’m not getting any younger and I want to put my life in order.”

“Ano po iyon?”

“How would you feel about taking a DNA test to establish our relationship?”

Ang una kong naisip, ay wow, DNA test, parang napapanood sa mga pelikula o teleserye. Pero tama siya, mabuti na ring malinaw. Baka hindi ko naman pala siya ama, baka nagsasayang lang ako ng oras, baka nagsasayang lang siya ng pera. Baka nagbobolahan lang kami.

“OK po.”

**Kagat ng langgam**

Puyat ako noong araw na kinunan kami ng dugo para sa DNA test. Hindi kasi ako makatulog noong nagdaang gabi. Noong saglit na naidlip, ang dami kong panaginip na mababaw at maligalig. Nariyang nag-aabang ako ng taxi sa ulan pero walang pumapansin sa akin. O umaakyat sa walang katapusang escalator sa isang mall. Naririnig ko ang tinig ng mga anak ko. Tinatawag nila ako pero kahit anong lingon ko, hindi ko sila makita.

Kahit kulang sa tulog, bumangon ako bago mag-alas sais para maghanda ng almusal at baon ng mga bata. Pag-alis nila, inilagay ko ang mga requirements ng testing center sa isang plastic envelope. Paglabas ko, umambon pa.

Mag-aagahan raw muna kami ni Mr. D, sabi niya sa text. Doon kami sa paboritong restaurant niya sa Greenhills: walang ibang nasa menu kung hindi bangus. May paksiw kaya doon, naisip ko. Parang ang sarap kasi ng pinaksiw na bangus, bagay na bagay sa sinangag, itlog at kape habang makulimlim ang panahon.

Saktong alas otso ako dumating, pero nauna pa rin sa akin si Mr. D. Ganoon siya – lagi siyang nasa oras. Noong umagang iyon, hindi siya nakabarong kung hindi long sleeves na polo na may maninipis na abuhing guhit. Walang kurbata. Pero mukha pa ring kapita-pitagan.

Nag-order na raw sya para mabilis. OK lang daw ba sa akin ang pinaksiw na tiyan ng bangus? At itlog na sunny side up? Naka-dalawang order ako ng garlic rice.

Tulad ng dati, ulam rin namin ang mga kuwento. Nabanggit nyang inatake siya ng gout. May tumawag raw sa kanya para mag-guest sa isang business show sa TV. Tinanong nya ako kung anong oras ako dapat nasa opisina, at kung ano na ang mga susunod na istoryang isusulat ko.

Pero ang araw na iyon ay hindi lang para sa karaniwang kuwentuhan.

Kaya naman inumpisahan ko ang pagtatanong. Inilabas ko ang isinulat kong script sa isang pahina ng aking notebook. Hindi madaling itanong ang mga bagay na nasa listahan ko – baka kasi masamain niya, baka ako mapahiya, baka hindi siya magsabi ng totoo. Pero wala na ring ibang pagkakataon kaya't binasa ko na sila isa-isa.

*Bakit ngayon ninyo naisip na magpatest, higit sampung taon na pagkatapos natin unang magkita sa Cravings?*

Halos dalawang taon na raw niya ito pinag-iisipan simula ng maging senior citizen siya. Gusto niya na raw ayusin ang mga gusot at pagkakamali niya sa buhay. Nakumbinsi siyang oras na noong nabalitaan niyang nasa Pilipinas na ang teknolohiya para sa DNA testing – at may kilala siya sa National Science Research Institute sa UP na gumagawa ng ganitong klaseng test.

May kaunting kurot nang marinig kong isa akong gusot na iimisin o pagkakamaling itatama. Pero saka na ang drama -- marami pa akong gustong malaman.

*Ano ba talaga ang love story ninyo ng nanay ko?*

“Love?” tanong niya.

Ang sabi ni Mr. D., sekretarya raw ang nanay ko ng isang manager na nakaka-meeting nila paminsan-minsan. 29 siya, may asawa at dalawang anak, samantalang si Liza ay 19, maganda, balingkinitan, masayahin. Kapag narinig mo raw ang halakhak niya, kahit may iniinda ka, sasaya ka na rin.

“We went dancing,” ang sabi niya tungkol sa kanilang unang date. Noong gabing iyon, inihatid nya si Liza sa sakayan ng jeep pauwi sa Valenzuela. Ilang buwan ang lumipas bago sila magkitang muli. Naging busy raw kasi siya. Mayo 1975 ang kanilang second date – huli na rin nilang paglabas ito, ayon kay Mr. D.

Nagulantang ako: ang akala ko, kaya galit na galit ang nanay ko sa tatay ko ay dahil hindi nito alam na pamilyado siyang tao habang sila’y magkasintahan. Ngayon, ayon sa bersiyon ni Mr. D., produkto pala ako ng one-night stand.

Knockout na naman ang self-esteem ko.

Ito ang klasikong he said-she said na istorya at hindi ko pa rin alam kung kanino ako maniniwala. Ayaw ko namang bisitahin ako ng “she” mula sa kabilang buhay para klaruhin ang panig nya. Nagdesisyon akong isipin na lang na anumang bersiyon ang totoo, hindi maikakailang nangyari ang nangyari, dahil narito ako.

*At paano kung negative ang DNA test?*

“It won’t make a difference,” sabi niya. Mananatili raw kaming magkaibigan. “All these years you’ve been like a breath of fresh air. You know me more than my own family does.”

Nahirapan akong paniwalaan ito. Sa tingin ko, hindi ko pa naman siya gaano kilala. Kailangan mong makasama ang isang tao nang maraming oras at maraming araw, bago mo sila tuluyang makilala. Hindi ko pa siya nakitang galit. Hindi ko pa nga siya nakitang hindi naka barong, long-sleeves, o golf shirt. Hindi ko alam kung paano siya makitungo sa pamilya nya, sa mga kasamahan nya, sa staff niya sa opisina. Lahat ng alam ko tungkol sa kanya ay ayon lang sa kuwento niya dahil ang totoo, sa mga restaurant ko lang naman talaga siya nakakasama. Pakikitungo lang niya sa mga waiter ang naobserbahan ko.

Para sa akin, malaki ang magiging kaibahan kapag negative ang resulta. Dahil kung hindi sya ang ama ko, ang tunay kong tatay ay nariyan pa rin sa tabi-tabi o sa kung saan man. Nananatili ang misteryo. Makikilala ko pa kaya siya? Sa dinami dami ng mga tanong ko, tatanda na lang ba ako nang hindi nalalaman ang mga sagot?

Tumulak na kami patungong UP. Hindi na Accord ang kotse niya – isang SUV na. Bago na naman kasi ang kanyang kompanya, kaya’t may bagong pa-kotse. Naging ulan ang ambon. Sa pagtatanong niya kung may payong ako para sa biyahe ko pabalik sa Maynila matapos ang test, sa loob ko, taimtim kong hiniling na maging sinlakas at simbuo ng bugso ng ulan ang kasiguruhan ko sa aking pagkatao.

Siguro, naramdaman ni Mr. D ang kaba ko kaya’t nagtangka siyang kumbinsihin akong magiging positive ang resulta. Ang tatay nya raw ay nakapagsulat ng ilang maikling kuwento. Ang nanay niya ay

guro. Ang bunso niyang kapatid, pintor. Kaya naman raw nalilinya ako sa sining. “It’s in the genes,” sabi niya.

“E paano kung genes mo lang,” may duda kong sagot, sa isip ko.

Pagdating sa NSRI, sinagutan namin ang mga form at nagsumite ng ID, birth certificate, larawan. Wala namang blanko na kailangang lagyan ng NA. Nakipagkuwentuhan sya sa assistant na nangalap ng mga dokumento. Naglabas sya ng tsekeng pambayad – 60 thousand pesos, at ipangalan raw sa akin ang resibo.

Wow. Ang mahal pala ng katotohanan.

Mahigpit ang proseso sa pagkuha ng DNA sample para makasiguradong walang pagkakamali. May isinet up na camera. May tinawag na lisensyadong medical technologist na kukuha ng blood sample mula sa pagtusok sa daliri. Para akong batang kinakausap ng medtech para libangin. “Parang kagat lang ito ng langgam,” sabi niya. Ang cliche naman, naisip ko. Ilang beses na kaya niya nabanggit ang linyang ito? Akala niya, takot ako sa karayom. Pero tahimik ako at malamig ang kamay ko dahil mas kagimbal-gimbal ang mga posibilidad na naisip ko.

Habang kinukunan si Mr. D ng dugo, nag-usap kami ng direktor ng clinic tungkol sa teknolohiyang ito at kung paano maaring magamit sa pagpapatupad ng batas dito sa bansa. Napagkasunduan pa nga naming mag-usap uli, sa ibang araw, para mas matagal ko siyang makapanayam at makapagsulat ng artikulo. Noong umagang iyon kasi, isa lang ang aking layunin.

Mabilis natapos ang pagkuha ng samples, kaya naman ilang minuto pa ay lulan na rin kami agad ng sasakyan ni Mr. D. Pabalik siya sa opisina samantalang ako'y ibababa niya sa FX terminal para sumakay papuntang Quiapo. Tumila na ang ulan.

Nagpaalam akong ang nasa isip ay ang mga numerong 0 at 1. Simple lang kasi: tatay o siya, o iba pa ang tatay ko. Agad nag-text si Mr. D. pagbaba ko: "Life is too short to be spent worrying. Nothing will change."

Isang buwan halos ako naghintay para makuha ang resulta. Kinuha namin ng pisikal na dokumento sa UP; doon mismo binuksan ang selyadong sobre at binasa namin nang sabay.

Positive.

Wala na akong maalala sa mga pangyayari pagkatapos namin malamang mag-ama nga talaga kami. Niyakap ba niya ako? Umiyak ba ako? Kumain ba kami uli sa labas? Ang naalala ko lang ay ang kaniyang text message na nagtanong kung may passport na raw ba ang mga bata – kung wala pa, ikuha ko raw para makapasyal kaming mag-iina sa Hong Kong Disneyland. Sasagutin niya ang lahat ng gastos. Gusto raw niyang maramdaman ng mga bata na may lolo sila.

"With all due respect, Dad," simula ko. "Thanks, but no thanks. I think the children want to know their grandfather, not Santa Claus."

Hindi ako agad ipinakilala sa kaniyang lehitimong pamilya. At noong nananghalian kami sa isang Spanish restaurant sa Podium kasama ang asawa at panganay niyang anak – may kuya pala ako – hindi

naman naganap ang mala-pelikulang komprontasyon na ikinabahala ko. Hindi mataray at mapanghusga si Mrs. D. Tahimik siya at kimi, parang siya pa nga ang kinakabahan. Sinubukan niyang makipag-usap sa akin na parang walang kakaiba sa aming sitwasyon. Nagtanong siya tungkol sa aking trabaho at mga anak. Ano raw ba ang extra-curricular activities ng mga bata? Saan raw ba kami nagsisimba? Hindi raw ba ako nahirapan mamasahe mula Valenzuela? Pabago-bago pa naman ang panahon. May dala raw ba akong payong?

Ramdam ko ang sakit niya sa bawat salita niya sa akin, sa bawat tingin. Humanga ako sa kanya kahit na hindi ko masasabing kaya kong gawin ang ginagawa niya kung sa akin nangyari iyon. Anong uri ng babae ang kayang magmahal at magpatawad ng ganito? Paano siya nag-ipon ng lakas para humarap sa isang gumagalaw at humihingang tagapagpaalala na siya ay pinagtaksilan?

**Legit**

Labing-anim na taon na ang nakalipas simula noong DNA test. Ngayon, mas madalas kaming nagkikita ng tatay ko. Nagretiro man siya sa probinsiya, nag-uusap kami tuwing lumuluwas siya sa Maynila. Gaya ng dati, sa mga restaurant kami bumabawi ng kuwentuhan. Wala namang ibang lugar talaga para sa mga ganito.

Syempre pa, kasama sa kuwentuhan namin ang mga update tungkol sa trabaho at pamilya. Malaya kong naikikuwento ang mga munting tagumpay at agam-agam ko sa paglipat ko ng karera – full time na ako sa pagtuturo habang nagsusulat na lang ng freelance, habang nag-aaral ng doktorado. Mabilis ang panahon at naglakihan na bigla ang kanyang mga apo: tatlo sa kanila ay may kanya-kanya nang trabaho at isa na lang ang iginagapang kong pag-aralin. Pinapayuhan niya ako kung paano ko sila

patuloy na gagabayan. At siya naman, abala pa rin sa mga consultancy kahit halos 80 na siya. Tahimik at maayos ang pamumuhay nila ni Mrs. D sa probinsiya, sa maliit nilang komunidad roon.

Pero dahil hindi ko siya nakasama sa paglaki at hindi ko siya nakita bilang taga-sermon kapag may kasalanan ako, para na rin kaming magkaibigan at napag-uusapan namin ang mga bagay na hindi karaniwang pinag-uusapan ng mag-ama. Halimbawa, naikukuwento niya ang mga kalokoha't kahangalan niyang nagawa noong siya'y bata pa, pati ang mga plano at gusto pang gawin sa natitira niyang panahon. Kinukulit niya rin ako kung sino na ang dine-date ko, sabay payong huwag akong matakot sumubok muli. "At sinong takot?" hirit ko nang huli kaming magkita. Tawanan kami.

Hindi na talaga ako takot na hindi ako singgaling at sing-karapat-dapat ng iba.

Malalim ang sugat na iniwan ng pagiging illegitimate. Ano nga ba ang kahulugan nito kundi "hindi tunay," "peke," "impostor"? Palaging angat ang mga batang isinilang sa loob ng isang legal na pagsasama, dala ang apelyido ng kanilang ama, lumaki sa isang bahay na may dalawang magulang na magpapakita tuwing may okasyon sa paaralan. Wala na silang dapat patunayan.

Ang bigat maging bastardo. Hindi nga ba't expression itong ginagamit na minsan ay nangangahulugang "jerk" o "asshole"? Ang pagiging bastardo, sa ganitong konteksto, ay malayang pinipili. Pero wala naman akong ibang ginawa kung hindi ipanganak, at sinikap ko namang mabuhay nang simple at marangal. Bakit "bastardo" pa rin ang tawag ng mga teleserye sa nga tulad ko? Suwerte pa nga ako't nakilala ko si Dad. Maraming iba pang hindi man lang nakilala ang magulang nila, o kung nakilala man ay itinakwil o itinanggi. Ano-anong mga halimaw kaya ang patuloy nilang hinaharap at nilalabanan sa isip nila?

Totoo namang may mga proteksyon ang batas para sa mga illegitimate children. Ayon sa Family Code of the Philippines, ang mga anak na illegitimate ay may karapatan sa kalahati ng halaga ng mamanahin ng legal na asawa at ng mga lehitimong anak. May karapatan rin sila sa suportang pinansyal. Noong 2004, isinabatas na maaari nang gamitin ng mga bata ang apelyido ng ama – basta't may kasulatan ng pagpayag.

Pero ang stigma sa mga illegitimate na bata ay hindi magagamot ng probisyon para sa salapi o kahit sa ngalan. Malinaw at praktikal man para sa batas ang paggamit ng terminolohiyang "legitimate" at "illegitimate," dapat buwagin ang mga ito dahil sa lalim ng sugat at bigat ng bagahe na ibinibigay nito sa mga batang wala namang muwang sa desisyon ng kanilang mga magulang.

Sa perpektong mundo, walang legitimate o illegitimate child. Child lang. At ang "love child" ay hindi euphemismo para sa mga anak sa labas.

Kamakailan ay naghapunan kami ng mga bata sa labas. Ipinagdiwang namin ang pagiging permanente ko sa unibersidad. Bagong renovate ang Italian restaurant na malapit sa condo unit na inuupahan namin sa Quezon City. Masarap raw ang sangria doon, balita ko.

Mahaba ang mesang nakareserve para sa amin. Hindi na lang kasi ako at apat na bata ang bahagi ng pamilya. Bitbit nila ang kani-kanilang "SO (significant other)." Sila itong mga dating tinatawag na "boyfriend" o "girlfriend" na kinilala mo lang dahil karelasyon ng anak mo. Sa kalaunan, makikilala mo na rin sila, may sariling ugali, disposisyon, interes. Pahahalagahan mo na sila bilang mga indibidwal. Kasama rin namin ang ilang kaibigan – kaibigan ng isa sa amin, noong una, pero naging

malapit na rin sa buong pamilya. Naroon sila sa malalaki at maliliit ng sandali ng buhay, mapa-birthday, pasko, graduation, mental health episode, pagkakaospital, paglipat ng trabaho o tirahan, pagtatampuhan, pagkakabati, pagsubok ng bagong kasanayan, pagtatagumpay, pagkabigo. At napakarami pang iba.

Nang nabusog na kami't nagtatawanan habang umiinom ng sangria, naisip ko: dito sa lumalaki naming pamilya, lahat kami ay love children. Nag-uumapaw kami sa pagmamahal, sa iba't ibang anyo, sa iba't ibang paraan. Itong magkakapatid ay legit na kinagisnan ang kanilang ina at ang isa't isa, pero legit rin naming pinipiling makasama ang lahat ng nasa mesa.

Kailanman, hindi kami mga mga lihim na ikukubli o pagkakamaling itatama.